


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# FILIPINO 4

## Ikatatlong Markahan- Modyul 3:

Pagsagot sa mga Tanong sa Nabasa o Napakinggang Editoryal,Argumento,Debate,Pahayagan,at Ipinapahayag sa isang Editorial Cartoon.



**Pangalan :** ______-________________________________

**Baitang at seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rola O. Saguin |
| **Editor:** | Lindo O. Adasa Jr. |
| **Tagasuri:** | Honoria Maryola O. Agum / Julieta H. Tibon / Roderick R. Luna / Jephone P. Yorong, Ed. D |
| **Tagaguhit:** | Rola O. Saguin / Edgardo P. Jamilar Jr. |
| **Tagalapat:** | Peter A. Alavanza |
| **Tagapamahala:** | Felix Romy A. Triambulo,CESO V<br>Oliver B. Talaoc ,Ed. D.<br>Ella Grace M. Tagupa ,Ed.D<br>Lindo O. Adasa, Jr.<br>Jephone P. Yorong ,Ed. D |



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

● Nasasagot ang mga tanong sa nabasa o napakinggang editorial,argumento,debate,pahayagan,at ipinapahayag sa isang editorial cartoon.



# Balikan

**Panuto:** Ikahon ang pang-abay na nagsasabi ng paraan kung paano ginagawa ang kilos .

1. Ang apat na magkakaibigan ay masigabong pinalakpakan dahil sa kanilang kabayanihan.
2. Malugod na binabati ng lahat ang apat na hayop.
3. Mainit na tinanggap ng mga taumbayan ang mga hayop.
4. Mahusay na trinato ng mga amo ang magkakaibigan .
5. Sila ngayon ay tumutulong nang bukal sa loob.

| Aralin 1 | Pagsagot sa mga tanong na nabasa o napakinggang editorial,argumento,debate,pahayagan,at ipinapahayag sa isang editorial cartoon. |
|---|---|



# Tuklasin

Panuto: Tingan ang karikatura. Lagyan ng tsek(/) ang pangungusap na nagpapahayag ng sariling kaisipan o damdamin tungkol sa mga ito. Isulat ang sagot sa patlang .



_______Nakatutulong sa pangangalaga ng kapaligiran ang ating mga kababayang nabibilang sa mga batang Girl Scout.
_______Mahalin natin ang ating kalikasan.
_______Putulin ang mga puno sa gubat.
_______ Iligtas ang kapaligiran ngayon.
_______ Pagsawalang –bahala sa pangangalaga sa ating kalikasan.
_______Maging isang kapaki-pakinabang na miyembro ng lipunan upang mapaunlad ang ating kalikasan.
_______Maging malikhain sa pangangalaga sa ating kalikasan.



# Suriin

***Panuto:*** **Basahin at unawaing mabuti ang teksto sa loob ng kahon pagkatapos ay sagutan ang mga tanong nito sa ibaba.Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

**Pahayagan**

●Ang pahayagan,diyaryo o peryodiko ay isang uri ng palilimbag na naglalaman ng balita,impormasyon at patalastas.Ito ay maaring pangkalahatan o may espesyal na interest,at kadalasan itong inilalathala ng araw-araw o lingguhan.

**Editoryal**

● Ang editorial ay bahagi ng pahayagang nagtataglay ng mga opinion ng editor o patnugot.Kalimitang ang isyu nito tinatalakay ay tungkol sa pinakamahalagang balita ng araw na nasabi.

**Argumento**

●Mabisang panghihikayat at di mapasusubaliang pagsisiwalat ng mga prinsipyo o paninindigan. Ito ay pagbibigay ng sariling pagtitimbang hinggil sa isang paksa.

**Debate**

● Ang debate o pagtatalo ay binubuo ng pangangatuwiran ng dalawang koponan na magkasalungat ng panig tungkol sa paksang napagkaisahang pagtatalunan. Maaring nakakaaliw at mabilis na paraan para mahatid ang mensahe sa mga mambabasa.

**Editoryal Cartoon**

● Ito ay isa sa mga pinakaepektibong paraan upang maipaalam sa pina-Kamaraming mambabasa ang isang isyu,opinion o pangyayari.

1. Ito ay binubuo ng pangangatuwiran ng dalawang koponan na magkasalungat ng panig tunkol sa paksang napagkaisahang pagtatalunan.

A. argumento B. debate C. pahayagan D.editoryal

2. Mabisang panghikayat at di mapasusubliang pagsisiwalat ng mga prinsipyo paninindigan.

A.argumento B.debate C.pahayagan D.editorial cartoon

3. Bahagi ng pahayagang nagtataglay ng opinyon ng editor o patnugot.

A. editorial cartoon B. editoryal C. pangmukhang balita D. panlibangan

4. Uri ng paglilimbag na naglalaman ng balita,impormasyon at patalastas,ito ay maaring pangkalahatan o may espesyal na interest .

A. argumento B. debate C. pahayagan D.editorial cartoon

5. Isa sa mga pinakaepektibong paraan,nakakaaliw at mabilis na paraan para mahatid ng mensahe sa mambabasa.

A. argumento B. debate C. pahayagan D. editorial cartoon



## Pagyamanin

Basahin ang editoryal sa ibaba. Gawin ang kasunod nitong gawain.

**Ang Kapaligiran Natin**

Pagmasdan natin ang ating mga kapaligiran, ang ating kalikasan.Nakalulungkot isipin ang mga darating pang panahon.Sabi nga sa isang sikat na awitin,ang ating kabataan kaya'y may puno pang aakyatin,may mga ilog pa kayang lalanguyan?

Anong mga puno pa ang kanilang aakyatin kung ang ating mga kagubatan ngayon ay nakakalbo na?

Sa kabilang dako,anong ilog pa ba sa kasalukuyan ang mapaglalanguyan na hindi magiging sanhi ng pagkakasakit,lalo na ang sakit sa balat?

Ang kabundukan katulad ng mga puno at ilog ay nawawala na rin. Ipinapapatag ito para gawing subdivision o golf courses. O dili kaya'y ginagawang tambakan ng mga basura.

Nakatatakot ang mga suliraning ito. Ngunit ano ang magagawa ng tao sa mga bagay na nilikha ng Panginoon? Isipin natin ang kabataan sa mga susunod na henerasyon.

Sa halip na tayo'y magsisihan,simula ngayon ang pagbabago.Dalawang katangian lamang ang dapat nating taglayin sa pagsisimula: respeto sa kalikasan, kapaligiran at sa mga nabubuhay na nilalang ng Panginoon. Higit sa lahat, disiplina sa sarili. Sa pamamagitan nito, makikita natin ang maliwanag na bukas ng kabataan, masaya, mabango at maaliwalas.

BINAGONG EDISYON 4 2010
HIYAS SA PAGBASA PAHINA 230-231

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong mula sa editoryal na binasa.Bilugan ang titik ng tamang sagot.( 1puntos bawat bilang)

1.Bakit sinabi sa isang awitin “ang ating kabataan kaya’y may puno pang aakyatin, may mga ilog pa kayang lalanguyan”?

A. dahil sa pagkakasira ng ating kalikasan

B. dahil maraming punong kahoy ang itinanim.

C. dahil nagkakaisa ang mga tao sa paglilinis.

D. dahil inirespeto ng mga tao ang kalinisan.

2. Anong nakatatakot na mga tagpo ang binanggit sa editorial?

A. may puno pa kayang aakyatin at ilog na lalanguyan.

B. ang mga suliranin tungkol sa ating kalikasan

C. ang ginawang pagtambak ng mga basara.

D. ang pagputol ng mga puno sa kagubatan.

3. Ano ang payo na ibinibigay ng sanasay?

A. nagsisihan sa mga pangyayari sa kalikasan

B. simulan ang pagbabago sa sarili para sa kalikasan

C. gawin ang pagrespeto ,at disiplina sa sarili para sa kalikasan

D. iisipin ang bukas ng kabataan sa susunod na henerasyon.

4. Paano kaya ito maisasagawa?

A. sa pamamagitan ng pagwalang bahala sa mga kaganapan nagyayari sa kalikasan

B. sa pagrespeto at pagtutulungan upang mapanatili ang kalinisan sa kalikasan

C. sa pamamagitan ng pagputol ng mga punong kahoy sa kabundukan.

D. sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno at itapon ang mga basura sa ilog.

5. Sino ang may kagagawan ng mga suliranin sa ating kapaligiran?

A. mga mamayang may pagmamahal at malasakit sa kalikasan.

B. mga mamayang di nagbigay ng respeto sa likha ng Diyos at kalikasan.

C. mga dayuhang may pagmamahal at malasakit sa kalikasan.

D. mga dayuhang nag-aaral tungkol sa kalikasan.



## GAWAIN

Punan ang tsart ng mga kinakailang sagot.

| Mga Lugar na Napinsala ng mga Tao | Mga Ginagawa Upang Mailigtas |
|---|---|
| 1.Ilog Pasig | |
| 2.Mga kalbong bundok | |
| 3.Maruruming kanal at estero | |
| 4.Bundok ng basura | |
| 5.Umuusok na sasakyan | |



# Isaisip

Panuto:Basahin at unawain ang inilalarawan sa bawat bilang.
Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang bago ang bilang.

| | | |
|---|---|---|
| A.Pahayagan | B.Editoryal | C.Argumento |
| D.Debate | E.Editoryal Cartoon | |

_____1.Binubuo ng pangangatuwiran ng dalawang koponan na magkasalungat ng panig tungkol sa paksang napagkaisahang pagtatalunan

____2.Mabisang panghihikayat at di mapasusubliang pagsisiwalat ng mga prinsipyo o paninindigan.

____3.Bahagi ng pahayagang nagtataglay ng opinion ng patnugot.

____4.Pinakaepektibong paraan upang maipaalam sa pinakamaraming Mambabasa ang isang isyu,opinion o pangyayari.

_____5.Isang uri ng paglilimbang na naglalaman ng balita,impormasyon at patalastas



# Tayahin

**GAWAIN A**

Basahin at unawain

Marami ring pagkatalo ang naranasan ng mga magagaling na tao sa iba't-ibang larangan subalit hindi sila basta-basta nawalan ng pag-asa o sumuko. Patuloy silang nagsumikap upang makamit ang kanilang mithiin. Kilala mo ba ang tinaguriang "Pambansang kamao" na si Manny Paquiao? Sa bawat laban niya'y matagal na paghahanda ang puhunan niya.Gayundin ang bantog na ballerinang si Liza Macuja. Si Charice Pempenco ay nagsimula sa mga kontes sa pag-awit hanggang sa

masungkit niya ang tagumpay. Ikaw bata,kaya mo ring magtagumpay. Magsanay ka lang. Ngayon na.

Pinagyamang Pluma 4 Wika at Pagbasa
Phoenix Publishing House,Inc.

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang puhunan ni Manny Paquiao sa kanyang tagumpay?
 A. maraming salapi
 B. mahabang panahon ng paghahanda
 C. maraming palabas sa telebisyon at sinehan
 D. magagandang artikulo sa mga diyaryo at magasin

2.Sa anong larangan nagpakita ng husay at galing si Charice Pempengco ?
 A. sa pagsasayaw B.sa pag-awit C. sa isports D. sa pagguhit

3. Sa anong larangan ng pagsasayaw nagpapakita ng husay Liza Macuja?
 A. sa jazz B. sa folkdance C. sa ballet D. sa modern

4. Ano ang kailangan upang malinang ang natatanging talent o galling?
 A. magsanay magdamag C. tuloy-tuloy na magsasanay
 B.magsanay kung kailangan D. huwag nang magsanay

5.Ano muna ang dapat mangyari bago magsimula ang paglinang sa talento?
 A. madiskubre kung ano ang natatanging galing mo.
 B. makabili ng mamahaling gamit na lilinang sa talent.
 C. makapanood ng ibat ibang talent.
 D. masabi ng nanay at tatay kung ano ang mabuti sa iyo.

GAWAIN B

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

**Alam Mo Ba?**

Ang selosan , kompetisyon,at hindi pagkakasundo-sundo ng magkapatid o magkakapatid (na tinatawag ding sibling rivalry) ay karaniwang nangyayari sa isang pamilya.Iba-iba ang nagiging dahilan nito subalit karaniwang nangyayari kapag dumating ang pinakabagong miyembro ng pamilya(ang bagong kapatid)kung saan nagkakaroon ng selosan dahil napapansing higit na pinapaboran o nabibigyang atensiyon o nabawasan ang atensiyong naibibigay sa isang anak.

May ilang solusyong ipinapayo ang mga eksperto upang mabawasan o maiwasan ang sibling rivalry.Kailangang maging mas sensitibo ang magulang sa pangangailangan ng mga anak at iwasang magkaroon ng paborito.Dapat ding maiwasan ang pagkukumpara sa magkapatid o magkakapatid.Makabubuting maipaliwanag sa anak na nagseselos kung bakit higit na nabibigyang-atensiyon ang isa anak (maaring dahil sanggol pa,o may sakit,o may espesyal na pangangailangan.) Mahalaga ring maihayag ng mga anak ang kanilang nararamdaman upang mapaliwanagan sila ng magulang.

Sa panig naman ng mga anak ay dapat nilang maunawaan na isang biyaya ang pagkakaroon ng kapatid at lalong isang malaking biyaya kapag nagkasundo-sunod o naging magkakaibigan din ang magkakapatid.

Pinayamang Pluma 4 Wika at Pagbasa

Phoenix Publishing House,Inc.

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit itinuring na karibal ang mga kapatid?

A. dahil nagkaroon sila ng kompetisyon,selosan at hindi pagkakasundo-Sundo.

B. dahil hindi sila nagbigyan hn kanilang kailangan.

C. dahil nagkakaunawaan at nagkakasundo sila .

D. dahil pinalaki silang may selosan.

2. Ano ang naging dahilan ng inyong pag-aaway?

A. kapag hindi pantay ang pagbigay ng atensyon sa mga anak ayon sa kanilang kailangan.

B. kapag di maliwanag ang dahilan ng kanyang ibinigay na pagmamahal.

C. kapag di sabay ang kumain ang pamilya sa hapag kainan.

D. kapag mas marami ang ibinigay na gawain sa nakatatandang kapatid kaysa nakababatang kapatid.

3. Paano naman kayo nagkasundo?

A. sa pamamagitan ng pagiging maunawain sa bawat sitwasyon.

B. sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain sa aking kapatid.

C. sasabihin ko sa aking kapatid na huwag magselos na walang pagpaliwa-

nag sa maaring dahilan.
D. sasabihin ko sa aking kapatid  na huwag magselos sa pamamagitan ng Pagbibigay ng sobrang atensyon.

4. Ano ang  magagawa mo upang maiwasang makaaway ang iyong kapatid o mga  kapatid?
A. maging alerto na ipaalam sa mga magulang ang  pagkakamali ng kapatid.
B. maging bukas sa pag-iisip kung ano ang mga nararapat at kinakailanga.
C. maging bukas palad sa lahat ng pangangailangan o gusto ng kapatid.
D. maging alerto na  isasama ang kapatid sa lakaran.

5. Ano ang mabuting maibubunga ng pagkakasundo-sundo ninyong magka-Kapatid?
A. nagkakaroon ng masaya ,masaganang buhay, at  pinagpala ng Diyos.
B. nagkakaroon ng tahimik ,walang kibuan sa bawat miyembro ng pamilya.
C. ikinatutuwa ng mga  magulang na masaya ,masaganang buhay ang pamilya.
D. ikinatutuwa ng mga magulang na   tahimik, walang kibuan  sa bawat Miyembro ng pamilya.



# Karagdagang Gawain

Ngayon ay masusubukan  ang galing  mo sa pagbibigay reaksiyon sa paksa ito:"Pantay ang   Pagtingin ng Magulang sa Lahat ng Kanilang  Anak." Ano ang masasabi mo sa paksang ito?  **Sumasang-ayon** ka ba  o  **sumasa-lungat**? Mag-isip bilang isang manunulat at sumulat ng iyong reaksiyon ukol sa paksang ito.

Ang bubuuing reaksiyon ay dapat magtaglay ng sumusunod:

| **Mga  Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Ang reaksiyon ay dapat nababatay sa katotohanan(na  maaaring makuha  sa pakikipanayam sa magulang o nakatatanda) at hindi mula sa pakiramdam lang. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2. Ito ay gumamit ng mainam na salitang makapagpapahayag ng makatotohanang reaksiyon subalit hindi makasasakit ng damdamin ng babasa. | | | | | |

**Kabuuang Puntos**

5- Napakahusay 4-Mahusay 3- Katamtaman
2-Di-gaanong Mahusay 1-Sadyang Di-mahusay



## *Susi sa Pagwawasto*

**BALIKAN**
1.masigabong Pinalakpakan
2.malugod na binabati
3.mainit na tinanggap
4.mahusay na trinato
5. Bukal sa loob

X
/
/

**PAGYAMANIN**
1.a 3.c
2.b 4.b
5.b

**TAHAYIN**
1.b 3.c
2.b 4.c
5.a

**SURIIN**
1. b 3.b
2. a 4.c
5.d

**ISAISIP**
1.d 3.b
2.c 4.e
5.a.

## *Sanggunian*

Hiyas sa Pagbasa 4 Binagong Edisyon 2010
Landas sa Wika 6 Bagong Ediyon 2011
Pinagyamang Pluma 4 Wika at Pagbasa

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX Our..
Eden...
Land...



## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree that looks at God all day,
Against the earth's sweet flowing
breast;

A tree that looks at God all day
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.